Presented at the 10th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 16, 2017

# Anim na Aspekto ng Pag-unawa sa Markahang Pagsusulit sa Filipino

Everlinda U. Aleta
*De La Salle Lipa*
*High School Department*
*ever_aleta@yahoo.com*
*everlinda.aleta@dlsl.edu.ph*

Abstrak:

Ang pag-aaral ay nakatuon sa pagsusuri ng anim na aspekto ng pag-unawa na ginagamit sa markahang pagsusulit sa Filipino. Layunin nitong sipatin ang mga tanong na ginagamit sa markahang pagsusulit upang matiyak kung nasusunod nito ang mungkahi ng Philippine Accrediting Association of Schools, Colleges and Universities (PAASCU) kaugnay ng higit pang pagpapahusay ng mga aytem sa mga pagsusulit. Sisikaping sagutin sa papel ang sumusunod na tanong: 1.) Ano-anong aspekto ng pag-unawa ang ginagamit sa markahang pagsusulit? 2) Alin sa mga aspektong ito ang pinakamadalas na gamitin sa pagtataya? 3) Ano ang mungkahing paraan sa epektibong pagtataya? Naging batayan ng pag-aaral ang teoryang pangkurikulum ni John Dewey na naniniwalang ang kurikulum ay dapat na tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral upang makasabay sa hamon ng modernisasyon. Gumamit ng paraang palarawan at pasuri upang ilahad ang detalye ng pag-aaral. Sa pangangalap ng datos, sinuri ang mga aytem ng markahang pagsusulit sa taong panuruan 2014-2015. Natuklasan sa resulta ng pag-aaral na nakasusunod sa rekomendasyon ng PAASCU kaugnay ng pagiging kritikal ng mga aytem ng markahang pagsusulit ang mga aytem sa pagsusulit ng Filipino. Batay sa resulta, iminumungkahi na patuloy na gamitin ang anim na aspekto ng pag-unawa sa mga pagtataya upang sukatin ang natutuhan ng mga mag-aaral sa bawat aralin; magkaroon pa ng mga pag-aaral kaugnay ng epekto ng paggamit nito at matukoy ang kahinaan at kalakasan nito; gamitin ang ibang pang aspekto ng pag-unawa sa markahang pagsusulit at magkaroon ng mga pagsasanay ang mga mag-aaral sa paraan ng pagsasagot nito. Hikayatin ang mga mag-aaral na maging aktibo at kritikal sa pagbabahagi ng kanilang kaalaman at kasanayan tungo sa mas malalim at mas malawak na pag-unawa sa aralin.

Mga susing salita: aspekto ng pag-unawa, pagtataya, kurikulum, globalisyon, teknolohiya

Presented at the 10th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 16, 2017

## 1. PANIMULA

Ang pagtuturo ay isang sining dahil sa pagiging malikhain ng guro sa kanyang pagtuturo upang makuha ang interes o kawilihan ng mag-aaral upang matuto. Katulad ng isang pintor, manlililok, artista at mananayaw ang guro ay nakapagbabahagi ng kanyang kaalaman at kasanayan sa kanyang mga mag-aaral sa isang masining na paraan. Nakatutulong ang pagiging malikhain ng guro upang mapanatili ang interes ng mag-aaral, o kaya'y mapukaw ang kuryusidad sa isang aralin at magamit ito sa totoong sitwasyon sa tunay na buhay. Mabisa at epektibo ang pagtuturo kung ang mga mag-aaral ay nagtatanong, nagsusuri, nag-iisip, naghahambing, nagpapasya sa bawat sitwasyon. Dahil dito ang mahusay na guro ay dapat na maging malikhain/masining sa paggamit ng mga epektibong pamamaraan ng pagtuturo. Ito dapat na angkop sa kakayahan at kawilihan ng mga mag-aaral kaya kailangan ang masusing paghahanda upang matiyak na tutugon ito sa layunin ng pagkatuto. Dapat na isaalang-alang din ang pagkakaiba-iba ng antas ng kaalaman at karanasan ng mag-aaral. Kailangang taglay nito ang pagiging mapanghamon sa abilidad o kakayahan ng mga guro at mag-aaral at humihikayat ng epektibong pagkatuto.

Ang ganitong mga katangian ay katugon pangkalahatang layunin ng kasalukuyang kurikulum ng Filipino , ang makalinang ng (1) kakayahang komunikatibo, (2) replektibo / mapanuring pag-iisip at, (3) pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga babasahin at teknolohiya tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi, at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig. At upang matugunan ang layuning ito binigyang-pokus sa mga aralin ang hinggil sa mahalagang pag-unawa *(understanding)* na naipamamalas sa pamamagitan ng sumusunod: pagpapaliwanag ng mahahalagang konsepto o kaisipan sa sariling pamamaraan; paglalapat o pag-uugnay ng mga natutuhan sa sariling karanasan o pangyayari sa tunay na buhay; paglalahad ng mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga pananaw; paglalarawan ng mga kahinaan at kalakasan ng paksa; pagpapaliwanag at pagpapatunay sa isyu; pag-unawa at pagdama sa damdamin ng iba; pagbibigay interpretasyon o sariling pagpapakahulugan sa iba't ibang konsepto at paglalahad ng sariling pananaw at opinyon hinggil sa isang isyu o usapin.

Ang pagpokus sa ganitong uri ng pag-unawa ay naaayon sa rekomendasyon ng Philippine Accrediting Association of Schools, Colleges and Universities (PAASCU) sa paaralang De La Salle Lipa. Hinihikayat dito ang mataas na antas ng pang-unawa sa mga pagsusulit at maging ang kasanayan sa mabisang pagtatanong. Nakalahad sa rekomendasyon ng PAASCU ang ganito: *1) the test construction in all subject areas be improved as to include questions that require students' use of higher-order thinking skills and 2) reinforce the development of students' questioning ability.* Dahil dito, nahikayat ang mananaliksik na isagawa ang pag-aaral na ito. Ang resulta ng pananaliksik na ito ay makatutulong sa pagpapayabong ng kaaalaman ng at kasanayan ng guro sa epektibong pagtuturo. Ang kasalukuyang pag-aaral ay magiging mahalaga sa mga sumusunod: Sa mga mag-aaral ng sekondarya na nakararanas ng uri mga pagtataya na ginamitan ng iba ibang antas ng pag-unawa , upang higit na maging makabuluhan at aktibo ang paraan ng kanilang pagkatuto sa mga aralin; sa mga guro, upang higit na maging mahusay sa kanilang larangan sa tulong ng bagong kaalaman at kasanayan sa paglikha ng mga tanong sa pagsusulit, sa mga administrator o tagapamuno ng paaralan upang maging pamantayan o gabay sa pagsasaayos ng kurikulum na aangkop sa kasalukuyang takbo at pagbabagong magaganap sa hinaharap sa larangan ng edukasyon.

Layunin nitong sagutin ang sumusunod na tanong: 1.) Ano-anong aspekto ng pag-unawa ang ginagamit sa markahang pagsusulit? 2) Alin sa mga aspektong ito ang pinakamadalas na gamitin sa pagtataya? 3) Ano ang mungkahing paraan sa epektibo ang pagtataya? Sumasaklaw ang pag-aaral na ito sa pagsusuri ng mga aytem na tanong na may uring pag-unawa(understanding) na ginamit sa markahang pagsusulit sa Filipino ng baitang 7-10 sa tanong 2014-2015. Bibigyang-pansin sa pananaliksik ang iba ibang aspekto ng pag-unawa sa markahang pagsusulit at mga mungkahing paraan upang higit pang mapabuti ang mga pagtataya. Hindi saklaw ng kasalukuyang pag-aaral ang mga aytem na tanong na nabibilang sa uring process at knowledge at maging mga aytem na understanding na ginamit sa mga pagsasanay at maikling pagsusulit.

Magiging gabay sa pag-aaral, ang teoryang pangkurikulum ni John Dewey na naniniwalang ang

kurikulum ay dapat na tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral upang makasabay sa hamon ng modernisasyon. Pinagtuunan ng pansin ni Dewey ang pag-aaral sa kilos at gawi ng mga mag-aaral sa mga aspektong social, constructive, expressive, at artistic. Naniniwala siyang dapat na natutulungan ng kurikulum ang mga mag-aaral upang magkaroon ng diwa ng totoong mundong kanilang ginagalawan. Naging batayan din ng pananaliksik na ito ang Facilitation theory na pinasimulan ni Carl Rogers. Sa teoryang ito ang guro ay magiging tagagabay lamang sa pagtuklas ng mga mag-aaral ng bagong kaalaman. Pinaniniwalaan ng teoryang ito na ang tao ay may natural na kakayahan at kawilihan na matuto at sila ang magiging responsable sa sariling pagkatuto. Ang mga teoryang ito ay ginamit sa pag-aaral sapagkat angkop ang mga katangian nito sa kasalukuyang pananaliksik.

Higit na mauunawaan ang konsepto ng pag-aaral sa pamamagitan ng balangkas konseptwal.




Pigyur 1. Balangkas Konseptwal

Dito ay inilalarawan ang iba't ibang aspekto ng pag-unawa na ginagamit sa markahang pagsusulit. Makikita sa larawan na ang bawat aspekto ng pagkatuto ay nakatutulong upang makamit ang inaasahang pag-unawa na makatutulong sa mas malalim na pagkatuto ng mga mag-aaral sa bawat aralin.

*Pagtataya.* Bawat guro ay may iba-ibang paraan ng pagtataya na angkop sa sitwasyon, kakayahan ng mag-aaral, uri ng paksang-aralin at asignaturang kanyang itinuturo. Ang pagtataya ay mahalagang bahagi ng pagtuturo dahil ito ang magiging batayan sa pagkakamit ng itinakdang layunin ng pag-aaral. Kailangan ito upang masukat ang antas ng kaalaman at kasanayang natutuhan ng mga mag-aaral sa isang aralin o gawain. Nakatutulong ito upang kilatisin ng bawat mag-aaral ang sariling kalakasan at kahinaan na magiging pundasyon nila upang higit pang mapaghusay dating kaalaman at palakasin ang karunungan at gawaing kinakitaan ng kahinaan. Kapwa mahalaga ito sa guro at mag-aaral dahil ito ay isa mga pamantayan na titiyak sa pagiging epektibo ng proseso ng pagtuturo-pagkatuto. Ang mahusay na pagtataya ay humihikyat sa aktibong pagkatuto – malikhain at mapanuring pag-iisip, pagkilala sa sarili at pagkakaroon ng mulat na kamalayan sa nangyayari sa kanyang lipunan.

May tatlong anyo ng pagtataya- ang diagnostic, formative, at summative. Ang pagtatayang diagnostic ang tumutulong sa mag-aaral upang sukatin ang kaalaman at kasanayang nakatanim na isip, linawin mga maling konsepto at tukuyin ang kalakasan at kahinaan sa isang partikular na kaisipan at kasanayan. Maibibilang sa ganitong mga pagtataya ang paunang pagsusulit(pre-test), pagsusuri sa sarili (self assessment), at pakikipanayam (interview). Ang pagtatayang formative naman ay nagaganap habang isinasagawa ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Sinusukat nito ang pagbabago ng pagkatuto ng mag-aaral sa klase. Halimbawa, kapag may ginagamit na teknik ang guro sa gawain sa klasrum, ang pagtatayang formative ang magbibigay hudyat sa guro kung gagamitin pang muli ang napiling teknik sa sunod na gawain at sa ibang pangkat ng mag-aaral. Nakatutulong ito upang mabatid ng guro ang kanyang husay sa pagtuturo. Isinasagawa ang summative na pagtataya pagkatapos ng pagtalakay sa mahahalagang konseptong dapat pag-aralan. Ito ang nagbibigay ng feedback sa guro upang matiyak niya kung talagang natutuhan ng mga mag-aaral ang kaalaman at kasanayang dapat niyang matutuhan. Kadalasang gumagamit ng rubrik o pamantayan na ibinibigay ng guro bago simulan ang anumang pagtataya. Ito ay upang masukat nang husay ng guro ang mga

natutuhan ng kanyang mag-aaral. Kadalasang ito nasa anyo ng pagsusulit, pagbuo ng proyekto at pagtatanghal ng gawain.

*Pagtuturo.* Ang pagtuturo ay hindi madaling gawain. Hindi sapat na maituro ng isang guro kung ano ang mga araling/paksang nakapaloob sa kanyang silabus kundi kung paano niya ito maituturo at matutunan ng kanyang mga estudyante. Ang kahusayan ng pagtuturo ay nasusukat hindi sa dami ng mga naituro kundi sa dami ng mga natutuhan ng kanyang mga estudyante. Taglay niya ang kaalaman sa aralin habang bukas sa iba pang bagong kaalaman sa kanyang erya. Nagbabahagi siya ng kaalaman at kagamitan at karanasan. Angkin niya ang katangiang intelektuwal, emosyonal, sosyal, ekonomiko, at pisikal. At dahil ang kurikulum ay interaktibo, inaasahan siyang maglunsad ng mga gawaing magbibigay sa mga estudyante ng pagkakataong magtagisan ng talino o magpalitan ng mga ideya.

Mahalaga ang interaksyon sa pagtuturo at pagkatuto sapagkat hindi lamang pagpapahayag ng sariling ideya ang mahalaga kundi ang pag-unawa sa mensaheng ipinahahayag ng iba pang kasangkot sa interaksyon. Sa tradisyonal na talakayan sa klasrum, ang guro ang laging sentro ng talakayan, siya ang may malaking bahagdan ng gawain lalo na sa pagsasalita samantalang ang mga mag-aaral ay tagapakinig o tagasunod lamang. Ang epektibong pagkatuto ay may aktibong interaksyon sa pagitan ng guro at estudyante ,at estudyante sa kanyang kapwa estudyante. Ang guro ang nagsisilbing tagapatnubay/pasiliteytor lamang sa iba't ibang gawain sa klasrum at ang mga estudyante naman ay aktibong nakikilahok sa iba't ibang gawain. Sa interaksyon ng mga estudyante sa kapwa estudyante, kailangang bigyan sila ng pantay na pagkakataon na makilahok sa iba't ibang gawain upang malinang kani-kanilang kasanayan.

*Kurikulum.* Naging batayan sa pagsasaayos ng kurikulum ang mithiin ng Edukasyon para sa Lahat 2015 (Education For All 2015) – ang magkaroon ng kapaki-pakinabang na Literasi ang Lahat (Functional Literacy For All). Ang mga binuong pamantayan ay may pag-unawa sa nilalaman ng bawat asignatura at makapag-aambag sa pagtatamo ng ganitong mitihiin o layunin. Ito ay nakatuon sa mahahalagang konsepto at kakailanganing pag-unawa. Tinitiyak nito ang mga dapat matutuhan at ang antas ng pagganap ng mag-aaral kaya mataas ang inaasahan nito (batay sa mga pamantayan) Mangpahamon ito kaya gumagamit ng mga angkop na estratehiya upang malinang ang kaalaman at kakayahan ng mag-aaral upang maihanda tungo sa paghahanapbuhay kung di man makapagpapatuloy sa kolehiyo. Sinisiguro din nito na ang matututuhan ng mag-aaral ay magagamit sa totoong buhay. Pinagbatayan din ang nilalaman ng K to 12 Gabay Pangkurikulum na may layuning malinang ang kakayahang komunikatibo, replektibo / mapanuring pag-iisip at pagpapahalagang pampanitikan sa pamamagitan ng mga babasahin at teknolohiya tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi, at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig.

Nakalahad din sa kurikulum ang paraan upang magkaroon ng katuparan ang layunin- kailangan ng mga kagamitang panturo ng mga guro bilang suporta sa kurikulum na magmumula sa administrasyon, ahensiyang panlipunan, pribado at publiko, pamahalaang lokal, midya, tahanan at iba pang sektor ng lipunan. Malinaw ang pahiwatig ng mga bumuo ng kurikulum na ang pagtatagumpay ng layunin ay nakasalalay sa pagtutulungan ng iba't ibang sektor ng lipunan. Malaking bagay ang pagkakaroon ng mga mahuhusay na guro na gagamit ng mga epektibong pamamaraan ng pagtuturo at makabagong kagamitang panturo na makatutulong upang mas maging aktibo at epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa pag-aaral ni Hoover(2013), kaugnay ng paggamit ng summative na pagtataya sa pagsukat ng natutuhan ng mag-aaral sa klase, nakitang karamihan sa mga guro ay gumagamit ng iba't ibang uri summative na pagtataya upang suriin ang mga datos sa pagkatuto ng mag-aaral. Samantala, binigyang-pansin sa papel nina Harrizon(2011), ang pagpapalawak ng kasanayan ng guro sa pagbuo ng mga summative na pagtataya. Ito ay nakabatay sa iba't ibang opinyon ng mga guro hinggil sa epekto nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral at maging sa reaksyon o feedback na nakuha mula sa mga mag-aaral at magulang. Naniniwala naman si De Lisle (2015) na ang tuloy-tuloy na pagtataya upang sukatin ang kaalaman ng mga mag-aaral ay may malaking ambag sa pag-unlad ng edukasyon.

Nakatulong din ang pag-aaral nina Wildman at Bedwell(2013), na naniniwalang ang edukasyon ay

hindi lamang dapat magpokus sa purong karunungan hinggil sa isang paksa. Dapat din hasain ang mga mag-aaral sa mga pagsasanay, pagpapakitang-halimbawa at pagbibigay ng opinyon o pananaw hinggil sa paksa. Kaugnay ito ng paniniwala ni Blanchard(2012), sa kanyang pag-aaral na ang ganitong mga kasanayan ay kailangan upang makatugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral ng ika-21 siglo- ang pagbibigay-diin sa mga kasanayang magagamit sa tunay na buhay. Dapat ding bigyang halaga ang kabuuang katauhan ng mga mag-aaral bilang mga indibidwal na may damdamin.(Fermin, 2011). Binigyang-pansin ang kalalabasan ng isang mag-aaral pagkatapos maibigay ang lahat ng kasanayan at kaalamanng kanyang kailangan. Ito ay ang makapaghubog ng isang buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang literisi. Makatutulong sa pagpapalalim at pagpapalawak ng pananaw ang paggamit ng loob ng klasrum bilang totoong mundo ng totoong buhay (Cara, 2012). Mahusay ang ganitong layunin dahil higit na magiging makabuluhan ang lahat ng natutunan sa loob ng silid aralan.


*Ang Sining ng Pagtatanong.* Ang guro ay nagtatanong upang malaman ang natutuhan sa aralin, madebelop ang kasanayan sa pag-iisip, makahikayat sa pagkatuto, makatulong na maging organisado ang mga iniisip, makakuha ng atensyon ng mga isipang naglalayag, upang mabigyang-diin ang mahahalagang punto, matukoy ang interes ng mga mag-aaral at higit pang mapagbuti ang ugnayan ng guro at mag-aaral. Ang mga tanong ay maaaring direct information na tumutulong sa mag-aaral upang tukuyin, ilarawan, alalahanin, kilalanin at sabihin kung ano, sino, saan at kailan upang makakuha ng tiyak na sagot/imporasyon. Kung ang tanong naman ay relational, nakatutulong ito sa mga mag-aaral upang mag-ugnay, magbigay ng konklusyon, magkumpara upang tukuyin ang pagkakaiba. Divergent naman ang tanong kung ito ay humihikayat na bumuo, lumikha, at magdebelop ng bagong kaisipan samantalang ang mga tanong sa ebalwasyon ay nakatutulong upang pumili, magkaumpara at makabuo ng desisyon. Maaari namang hatiin sa dalawang kategorya ang mga tanong, ang low inquiry at high inquiry na mga tanong. Sa unang kategorya, ang inaasahang sagot sa tanong ay maaaring kahulugan ng termino, pagbibigay halimbawa, pagtukoy ng mga tiyak na kasagutan at pagsasagawa ng buod o rebyu samantalang sa ikalawang kategorya ay mas hihikayat ang kritikal na pag-iisip tulad ng pagsasagawa ng abstract operation na kadalasan ay mathematical ang nature, pagsusuri sa pagkakatulad at pagkakaiba ng mga kaisipan, pagbuo ng konklusyon batay sa mga resulta at pagpapaliwanag hinggil dito.

## 2. METODO

Sinimulan ng mananaliksik ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng pagbasa ng mga tekstong may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral. Sinundan niya ito ng pagsangguni sa mga kaugnay na pag-aaral na makatutulong upang higit na maging matibay ang isinasagawang pag-aaral. Pagkatapos nito ay kinalap ang mga aytem na ginamit sa markahang pagsusulit sa baitang 7-10 ng taong 2014-2015 at sinuri ang mga ito at isa-isang inihanay batay sa kung anong uri ng ng pag-unawa ito mabibilang. Naging batayan sa pagtukoy ng uri ng aytem ang pagpapakahulugan nina Wiggins, G., & McTighe, J. (1998) hinggil sa katangian ng anim na aspekto ng pag-unawa. Ang mga tanong sa pagpapaliwanag ay naglalarawan o nagpatunay upang bigyang-linaw o katwiran ang isang paksa. Nangangailangan naman ng pagbuo ng isang pahayag, larawan, guhit o simbolo na nagbibigay pagpapakahulugan sa isang konsepto ang mga tanong sa pagpapakahulugan. May pag-uugnay ng mga konseptong natutuhan sa ibang konteksto sa isang partikular na sitwasyon ang mga tanong sa paglalapat samantalang humihikayat na magbigay ng sariling opinyon o paninindigan sa isang tiyak na paksa o usapin at nagbibigay-linaw sa pamamagitan ng paglalahad ng kahinaan at kalakasan ng panig ang mga taning sa pagbuo ng sariling pananaw. Sa pagdama at pag-unawa sa damdamin ng iba ipagpalagay ng mag-aaral ang kanyang sarili sa sitwasyon o kalagayan ng ibang tao bago siya magbigay ng puna o palagay. Ang mga tanong ng pagkilala sa sarili ay humihikayat upang suriin ang sarili, alamin ang kanyang kalakasan at kahinaan bago magbigay ng desisyon o pananaw sa isang bagay. May ilan pang mga salita ang nagiging hudyat sa pagbuo ng mga tanong na may pag-unawa. Ito ay ang sumusunod: pagsusuri, pangangatwiran, pagbibigay-puna, pagkukumpara ng pagkakatulad at pagkakaiba, pagtalakay, pagbubuod, pagbuo ng simbolo, at pagpapatunay.

## 3. RESULTA AT DISKUSYON

Batay sa resulta ang aspekto ng pag-unawa na ginagamit sa markahang pagsusulit sa Filipino ay ang sumusunod: pagpapaliwanag(explanation), pagpapakahulugan(interpretation), paglalapat (application), pagbuo ng sariling pananaw (perspective), pagdama at pag-unawa sa damdamin ng iba (empathy), at pagkilala sa sarili (self-knowledge). Lahat ng aspekto ng pag-unawa ay nabibigyang-pansin sa markahang pagsusulit bagaman hindi balanse ang bilang ng paggamit sa mga ito. Madalas gamitin sa markahang pagsusulit ang mga tanong kaugnay ng pagpapaliwanag samantalang madalang na gamitin ang mga tanong tungkol sa pagkilala sa sarili. Makikita sa tsart sa ibaba ang hinggil dito.




*Pigyur 2 Anim na Aspekto ng Pag-unawa*

Mula sa 64 na kabuuang bilang ng aytem na may uring pag-unawa/understanding na sinuri sa markahang pagsusulit sa Filipino sa baitang 7-10, sa taong 2014-2015, natuklasang ang kasanayan sa pagpapaliwanag ang may pinakamataas na bahagdan (57%) samantalang ang kasanayan sa pagkilala sa sarili ang may pinakamababa bahagdan(5%). Pare-pareho lang ang bahagdang nakalaan sa mga kasanayan sa pagpapakahulugan, paglalapat at pagbuo ng sariling pananaw (10%) samantalang 8% lang ang para sa pagdama at pag-unawa sa damdamin ng iba. Narito ang ilang halimbawa ng mga tanong sa iba ibang aspekto ng pag-unawa. Tingnan ang talahanayan sa ibaba.

*Talahanayan Blg. 1. Mga Halimbawang uri ng Tanong sa Markahang Pagsusulit*

| PAGPAPALIWANAG |
|---|
| 1. Paano inilarawan ang kahinaan at kalakasan ng tao batay sa karakter ni Simoun sa mga talata sa ibaba? Ipaliwanag kung paano dapat labanan ng tao ang kahinaan at kung kailan niya dapat gamitin ang kanyang kalakasan.<br>2. Ilarawan ang kalagayan ng mga Pilipino sa panahon ng Kastila batay sa mga nakalahad na halimbawa. Nakaapekto kaya ito sa kasalukuyang takbo ng lipunan?<br>3. Anong isyung panlipunan ang masasalamin sa epikong ”Agyu”? Paano ito nakaaapekto sa iyo bilang isang Lasalyanong Pilipino? |

Presented at the 10th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 16, 2017

**PAGPAPAKAHULUGAN**

1. Bumuo ng isang talata na naglalaman ng pagsusuri sa mensahe na nais iparating ng bawat larawan kaugnay ng kasaysayan ng dulang Pilipino.
2. Bumuo ng haiku na magpapaalaala sa iyo kung paano dapat pangangalagaan ang ating kalikasan. Gawing inspirasyon ang larawan sa ibaba.
3. Bumuo ng SIMBOLISMO O IMAHE upang maipapakita ang kamalayang panlipunan na inilalarawan sa mga halaw at ipaliwanag ang bisang pangkaisipan nito sa mga mambabasa.

**PAGLALAPAT**

1. Anong kaisipan ang nangingibabaw sa tatlong awiting bayan sa kaliwa? Paano nakaapekto ang kaisipang ito sa iyo bilang isang Lasalyano?
2. Naging daan ang Florante at Laura upang magising ang diwa o kaisipan ng mga Pilipino sa katiwalian ng mga Kastila. Paano mo tutugunan ang mensahe ng akda upang maging kasangkapan ka sa paglutas ng mga suliranin panlipunan sa kasalukuyan?
3. Magbigay ng isang mahalagang kaisipan na nangingibabaw mula sa tatlong pahayag. Paano mo ito maisasabuhay sa pang-araw-araw mong gawain?

**PAGBUO NG SARILING PANANAW**

1. Sa iyong palagay anong katangian mayroon dapat ang kabataan sa kasalukuyan upang magkaroon ng isang mas maunlad na hinaharap ang Pilipinas? Maglahad ng pagpapatunay.
2. Paano kaya mababago ng teknolohiya ang matinding suliranin ng lipunan na may kaugnayan sa kahirapan at kawalang katarungan?Ipaliwanag.
3. Batay sa paglalarawan ng may-akda sa bagong Filipino ngayon, paano kaya natin dapat na mahalin ang bayan sa kasalukuyan? Patunayan.

**PAGDAMA AT PAG-UNAWA SA DAMDAMIN NG**

1. Kung ikaw ay mapagbibigyan ng pagkakataon na solusyunan ang isyung iyong tinukoy sa bilang 3, ano ang maaari mong gawin?
2. Kung ikaw ang manunulat ng pabulang ito, ano ang pinakaangkop na pamagat ang ibibigay mo batay sa nilalaman at daloy ng mga pangyayari?
3. Kung mabibigyan ka ng pagkakataong magmungkahi sa mga kasamahan ninyo sa lugar na iyon, ano ang iyong ibabahagi upang maiwasan ang napipintong karahasan?

**PAGKILALA SA SARILI**

1. Bilang isang mamamayang Pilipino, anong karakter ang nais mong buuin sa iyong sarili upang katulad ng isang bayani ay makapag-iwan ka ng isang malalim na tatak sa kaisipan at damdamin ng sambayanan?
2. Ayon sa tula, kaligayahan para kay Rizal ang mamamatay para sa bayan, paano mo mainam na maipararating ang iba pang paraan ng kabayanihan sa kapwa at sa bayan na makapagbibigay-pag-asa sa mga nakaranas ng kapighatian at kabiguan sa buhay?

Ang mga tanong/ halimbawang nakalahad ay nakahihikayat ng kritikal na pag-iisip dahil ito ay nagpapaliwanag ng kaisipan, nakapaglalarawan ng pagkakaiba-iba, nakabubuo ng desisyon sa iba ibang sitwasyon, nakakahanap ng marami at iba't ibang solusyon, nakapagsusuri, nakapagbubuod at nakahihikayat na tumuklas ng bagong kaalaman. Ang ganitong mga aytem ay tumutugon din sa kahingian/rekomentasyon ng PAASCU sa paaralan, ang mapataas ang antas ng pag-unawa at magkaroon ng kaisipang kritikal o mapanuri na nakatutulong sa pagpapalalim at pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa pagdebelop ng epektibong kakayang komunikatibo na naaayon din sa pangkalahatang layunin ng Kurikulum ng K to 12, . ang makalinang ng isang buo at ganap na Filipinong may kapaki - pakinabang na literasi.

Ang mahusay at epektibong mga tanong ay dapat na angkop sa kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral na pinaglalaanan. Gaano man kadali o kahirap ang tanong ay hindi pa rin magiging epektibo kung hindi ito angkop sa antas ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Dapat na isaalang-alang ng guro ang uri ng mga mag-aaral na sasagot sa tanong upang matiyak na magiging makabuluhan ang karanasan ng pagsusulit. Mahusay din ang mga tanong kung natutugunan nito ang mga inaasahan batay sa itinakdang layunin ng kurikulum. Sa bawat aralin/gawain ay may nakatakdang layunin na nakaayon sa kahingian ng kurikulum, dapat na isaalang-alang ang mga ito sa pagbuo ng mga tanong. Gayundin, ang epektibong tanong ay dapat na nakatutulong sa pagpapahusay ng pagkatuto, nagbibigay-pansin hindi lang ang sa inaasahang sagot kundi ang paraan o proseso ng pagsasagot. Mahusay din ang tanong na nagbibigay ng pagkakaton na magkaroon ng marami o iba ibang tamang sagot na maaaring makuha sa iba't ibang paraan at kung aktibong nakikibahagi ang guro at mag-aaral. Ang resulta ng mga pagtataya ay mahalaga upang matukoy ng guro ang kalakasan at kahinaan ng ipinatutupad ng kurikulum at nang sa gayon ay maisaayos ang programa kung kinakailangan. Nakatutulong ito upang higit pang mapaghusay ang mga estratehiya sa pagtuturo at mga kagamitang panturo. Ang mga datos sa pagtataya ay malinaw na katunayan o ebidensya sa mga natutuhang kaalaman at kasanayan ng mag-aaral sa isang tiyak na aralin o gawain. Ito ang magiging gabay ng mag-aaral sa patujloy na pag-unlad at pagpapalawak ng kanyang karunungan.

## 4. KONKLUSYON

Ang pagtataya ay mahalagang aspekto ng epektibong pagkatuto. Ito ang nagiging batayan ng pagsukat ng kaalaman at kasanayang natutuhan ng mag-aaral sa tiyak na aralin o paksa. Layunin ng kasalukuyang pag-aaral na suriin ang mga tanong na ginamit sa pagtataya sa markahang pagsusulit sa Filipino upang matiyak na nakasusunod ito sa kahingian rekomendasyon ng PAASCU sa paaralan. Malinaw na nakalahad sa resulta na nabibigyang-pansin ang anim na aspekto ng pag-unawa- ang pagpapaliwanag , pagpapakahulugan, paglalapat, pagbuo ng sariling pananaw, pagdama at pag-unawa sa damdamin ng iba, at pagkilala sa sarili. Ang pinakamadalas gamitin sa mga ito ay ang kasanayan sa pagpapaliwanag samantalang hindi gaanong nabibigyang-pansin ang kasanayan hinggil sa pagkilala sa sarili. Ang kasanayan sa pagpapaliwanag ang pinaka-angkop gamitin sa markahang pagsusulit sapagkat higit nitong sinusukat ang mga natutunan sa aralin samantalang ang ibang kasanayan tulad ng pagkilala sa sarili ay higit na nabibigyang-pansin sa pang-araw-araw na talakayan sa klase. Ang pagsagot sa ganitong mga uri ng mga tanong ay makatutulong upang higit na maging makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral ang sumusunod na rekomendasyon:

1. Patuloy na gamitin ang anim na aspekto ng pag-unawa sa mga pagtataya upang sukatin ang natutuhan ng mga mag-aaral sa bawat aralin.
2. Magkaroon pa ng mga pag-aaral kaugnay ng epekto ng paggamit nito at matukoy ang kahinaan at kalakasan nito.
3. Higit pang bigyang-pansin ang ibang aspekto ng pagkatuto sa markahang pagsusulit at magkaroon ng mga pagsasanay sa paraan ng pagssagot nito.
4. Mas hikayatin ang mga mag-aaral na maging aktibo sa pagbabaahagi ng kanilang kaalaman at kasanayan tungo sa mas malalim na pag-unawa sa aralin.

## 5. PAGKILALA

Nais kong pasalamatan ang mga guro sa Filipino ng De La Salle Lipa sa High School Department na pumayag na masuri ang mga aytem ng markahang pagsusulit na naging mahalagang bahagi ng kasalukuyang pag-aaral.

## 6. SANGGUNIAN

Blanchard, Kathryn D. (2012). Modeling Lifelong Learning: Collaborative Teaching across Disciplinary Lines. Kinuha noong Seytembre 10, 2014 mula sa http://webmedia.jcu.edu/cas/files/2014/09/Blanchard-Modeling-Lifelong-Learning.pdf

Cara, Coral . (2012). It takes a Village to Raise a Child: Team Teaching and Learning Journeys. Kinuha noong Seytembre 15, 2014 mula sa http://vuir.vu.edu.au/id/eprint/23292

De Lisle, Jerome. (2011). The promise and reality of formative assessment practice in a continuous assessment scheme: the case of Trinidad and Tobago. Kinuha noong Seytembre 18, 2014 mula sa http://dx.doi.org/10.1080/0969594X.2014.944086

Fermin, Edizon A. (2011). Tungo sa Pagbuo sa Isang Talatuluyang Pangkurikulum sa Filipino sa Sistemang Batayang Edukasyon ng Kolehiyo ng Miriam" LEAPS: Miriam College Faculty Research Journal, Vol 34, No 1

Garrison , Catherine and Michael Ehringhaus. Formative and Summative Assessments in the Classroom. Kinuha noong Octotubre 12, 2014 mula sa https://www.amle.org/BrowsebyTopic/WhatsNew/WNDet/TabId/270/ArtMID/888/ArticleID/286/Formative-and-Summative-Assessments-in-the-Classroom.aspx

Harrison, Christine et. al. (2013). Can teachers' summative assessments produce dependable results and also enhance classroom learning?. Kinuha noong Oktubre 10, 2014 mula sa https://www.researchgate.net/publication/233463936_Can_teachers'_summative_assessments_produce_dependable_results_and_also_enhance_classroom_learning.

Hoover , Nancy R. et. al. (2013). Teachers' Instructional Use of Summative Student Assessment Data. Kinuha noong Oktubre 11, 2014 mula sa http://dx.doi.org/10.1080/08957347.2013.793187

Jones, Cheryl A . (2005). Assessment for learning. Learning and Skills Development Agency. Kinuha noong Oktubre 11, 2014 mula sa http://dera.ioe.ac.uk/7800/1/AssessmentforLearning.pdf

Lutzker , Peter. Teaching as an Art. Year 9; Issue 1; January 07. Kinuha noong Oktubre 11, 2014 mula sa http://www.hltmag.co.uk/jan07/mart05.htm

Rada , Ester T. "Pagbuo ng Instrumento sa Pagtaya ng Kognitibong Akademikong Kahusayang Pangwika sa Filipino: Tuon sa Kasanayan sa Pagsulat ng mga Estudyanteng Nasa Kolehiyo." 2nd International Conference on Filipino as a Global Language. San Diego, CA, USA. JAN 15 - 18, 2010

Wiggins, G., & McTighe, J. "Understanding by Design." Alexandria, VA: Association for Supervision and Curriculum Development. 1998.

William, Dylan. "Assessment: The Bridge between Teaching and Learning" Voices from the Middle, Volume 21 Number 2, December 2013

Presented at the 10th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 16, 2017